PRAYER

- Manalangin na mas maging sensitibo tayo sa pangunguna at sa boses ng Banal na Espiritu sa ating pagpapasya (Juan 16:13; Roma 8:14).
- Ipagdasal na bigyan tayo ng Diyos ng isang pusong laman na bukas at handang sumunod sa Kanyang kalooban (Ezekiel 36:26,27).
- Hilingin sa Diyos na punuin Niya ang ating mga puso ng kaunawaan sa Kanyang Salita, kalooban, at plano para sa ating mga buhay (Efeso 1:17,18; Hebreo 8:10,11).

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

Love different.

Sundin ang Iyong Puso

Week 2

NOTES

CONNECT

- Naniniwala ka ba sa kasabihang ‘sundin mo ang iyong puso?’ Bakit oo o bakit hindi?
- Ano ang paborito mong kanta tungkol sa pag-ibig? Bakit?
- Alin ang mas sinusunod mo sa pagpapasya—ang puso mo o ang isip?

WORD

[23]O Diyos, siyasatin n'yo ako, upang malaman n'yo ang nasa ng puso ko. Subukin n'yo ako at alamin n'yo ang aking mga iniisip.

Salmo 139:23

WHAT *What does the Bible say?*

Ang kasabihang "sundin mo ang iyong puso" ay mga bagay na mukhang ayos naman o masarap sa pakiramdam. Ito ang pagpapasyang batay sa nararamdaman. Isinasalarawan nito ang makamundong pananaw na nagsasabing "hayaan mong gabayan ka ng iyong puso." Kahit gaano pa man kalaki o kaliit ang mga desisyong gagawin natin sa buhay, tingnan muna natin kung ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa kasabihang ito.

- **Ang puso ay mandaraya at lubos na masama.**
  [9]"Ang puso ng tao'y mandaraya at lubos na masama. Sino ang nakakaalam kung gaano ito kasama? [10]Pero ako, ang PANGINOON, alam ko ang puso at isip ng tao. Gagantihan ko ang bawat isa ayon sa pag-uugali at mga gawa niya."

  Jeremias 17:9,10

  Dahil na rin sa makasalanang puso ng tao na may makasariling hangarin na maaari itong magdulot ng kamalian sa ating desisyon at mga gawa na hindi kalugod-lugod sa Diyos (Kawikaan 16:2). Sinasabi sa Kawikaan 28:26 na ang taong umaasa sa kanyang pag-iisip at puso lamang ay isang hangal. Ikwento ang panahong sinunod mo ang iyong puso maliban sa Diyos. Ano ang nangyari?

  _____

  _____

  _____

- **Ang puso ay kailangang bantayan sa lahat ng panahon.**
  Ingatan mo higit sa lahat ang iyong isip, sapagkat kung ano ang iniisip mo iyon din ang magiging buhay mo.

  Kawikaan 4:23

  Ang puso ay isang bahagi ng pandamdam. Dumadaloy mula rito ang mga masisidhing damdamin ng pag-asa at takot, pag-ibig at galit, at kaligayahan at dalamhati. Sa katunayan, madalas na ang puso ang sumasaklaw sa pag-iisip higit sa ating kaalaman. At dahil may kakayahan ang pusong impluwensiyahan ang ating pag-iisip, papaano natin ito babantayan at gaano kahalaga na panatilihin ang kalinisan nito?

  _____

  _____

  _____

- **Ang puso ay dapat sumunod sa Diyos at sa Kanyang pangunguna.**
  [5]Magtiwala ka ng buong puso sa PANGINOON at huwag kang manalig sa iyong sariling karunungan. [6]Alalahanin mo ang PANGINOON sa lahat nang iyong ginagawa at ituturo niya sa iyo ang tamang landas.

  Kawikaan 3:5,6

  Buti na lang, kaya ng Diyos na panatilihin ang ating mga puso sa tamang landas. Kapag hinayaan nating Siyang pangunahan ang ating mga damdamin, matutulungan Niya tayong magpasya nang may tamang pag-iisip, karunungan, at pag-intindi at magtagumpay sa lahat ng ating gagawin (Kawikaan 4:11-13). Papaano ka natulungang magtagumpay sa pagpapasya ng pagsunod mo sa Diyos sa halip ng pagsunod lamang sa iyong puso?

  _____

  _____

  _____

SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Bakit hindi dapat na sa puso lamang tayo magtiwala sa pagpapasya?
- Ano ang maaaring mangyari kung aasa lamang tayo sa ating mga puso?
- Papaano tayo magagabayan ng Diyos kapag nanalig tayo sa Kanya ng buong-puso?

NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Anong mga praktikal na hakbang ang magagawa mo upang bantayan ang iyong puso? Kailan mo ito sisimulang gawin?
- Sino ang mga makakatulong sa iyo kapag may mga pagpapasya kang gagawin?
- Ano ang magagawa natin upang mas lalo pang manalig sa Diyos at hindi sa ating nararamdaman?